Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-01 NG AGOSTO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 102-2019

ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT AT KAPANGYARIHAN SA PUNONG LUNGSOD, IGG. GILBERT T. GATCHALIAN NA LUMAGDA AT PUMASOK SA ISANG MEMORANDUM OF AGREEMENT SA PAGITAN NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS AT NG LA CONSOLACION UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES (LCUP) PARA SA PROGRAMANG ADOPT A BARANGAY.

Akda nina: IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, IGG. DENNIS D. SAN DIEGO,
IGG. FRANCISCO J. CASTRO, IGG. EDGARDO F. DOMINGO, IGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

SAPAGKAT, pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod na tiyaking angkop, epektibo at episyente ang mga programa at proyekto nitong isinasakatuparan;

SAPAGKAT, layunin ng nasabing kasunduan para sa programang ADOPT A BARANGAY na magbigay ng teknikal na tulong sa Pamahalaang Panlungsod ng Malolos tulad ng pagsasagawa ng mga pag-aaral o research study ukol sa mga pangangailangan ng pamayanan upang maging direkta at angkop ang pagtugon sa mga masasaliksik na suliranin, gayundin ang mga tulong para sa mga benepisyaryo nito.

SAPAGKAT, ang La Consolacion University of the Philippines (LCUP) ay may angking kakayahan upang magbigay ng pag-aaral, datos at rekomendasyon ukol sa mga proyekto at programang may kinalaman sa Panlipunang Pagpapaunlad at may kakayahang magpatupad ng mga "SOCIAL POVERTY ALLEVIATION PROGRAMS".

SAPAGKAT, Bahagi ng kanilang mga inilulunsad na programa ang mga sumusunod: Abakada ni Venerable Madre Consuelo Program and Basic Cathechism (College of Arts, Sciences and Education, College of Information Technology and Engineering, International Evangelization Program, Graduate School and other Department/Units), Gabay Pamayanan ni Mother Rita, Lusog Agustino Program, Lipat Kaalaman Program, Taas Noo, Pinoy Ako Program, Luntiang Pinoy Program, Hawak-Kamay Program, at Share a Joy Program: (All department/units in the university);

SAPAGKAT, napili ang mga Barangay San Gabriel at Catmon bilang mga pangunahing benepisyaryo ng programa na tinukoy ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO);

SAPAGKAT, batay sa itinatadhana ng Seksyon 22 ng Republic Act No. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng Pilipinas, na ang pamahalaang lokal ay maaaring pumasok sa isang kasunduan sa pamamagitan ng Punong Ehekutibo sa bisa ng kapangyarihang iginawad ng Sangguniang Panlungsod ukol dito;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

SAPAGKAT, pinagtibay sa lebel ng Lupon ang kahilingan batay sa nilalaman ng Committee Report No. 02-2019.

DAHIL DITO, sa kahilingan ni Igg. Nino Carlo C. Bautista na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

KUNG KAYA'T IPINASIYA, gaya ng ditoý ginagawang pagpapasya na sinang-ayunan ng lahat na binibigyan ng kapangyarihan at pahintulot ang Punong Lungsod, Igg. Gilbert T. Gatchalian na makalagda at makapasok sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod at ng La Consolacion University of the Philippines (LCUP) para sa programang ADOPT A BARANGAY.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*080119